

**ANG HINDI
PAGKAKAINTINDIHAN AY
MAAARING MAGDULOT NG
KAPAHAMAKAN SA MGA
OPISYAL AT SA PUBLIKO!**

**MARUNONG AKO NG KONTING
INGLES. KAILANGAN KO BA TALAGA
NG TAGAPAGSALIN?**

Maaaring nakakaintindi o nakakapagsalita ka ng konting Ingles, ngunit maaaring ibig mong gumamit ng tigasalin. Ang mga tigasalin ay makakatulong sa iyo:

- o Maiwasan ang hindi pagkaka-intindihan
- o Makapagbigay ng tamang impormasyon
- o Maintindihan ang iyong mga legal na karapatan.
- o Humiling ng mga serbisyo katulad ng mga serbisyo sa biktima at mga nakasalang pormularyo

**SINO ANG MAAARING
MAKATANGGAP NG MGA
SERBISYO SA WIKA?**

Ang serbisyo sa wika ay ibinibigay sa sinomang may limitadong husay sa wikang Ingles (LEP) Ang ibig sabihin nito ay hindi Ingles ang iyong pangunahing wika at maaaring hirap ka sa pagbasa, pananalita o pag-intindi ng Ingles.

**AKO BA AY MAKAKA-ABALA O
MAGDUDULOT NG MGA
PROBLEM KUNG HIHINGI AKO
NG TIGASALIN NG WIKA?**

Lahat ng tao ay may karapatang maktanggap ng epektibo at tamang komunikasyon mula sa kapulisan, at nais ng SFPD na makatulong.

Isinagawa ng
San Francisco Police Department
sa tulong ng
Language Access Coalition

Ang Language Access Coalition ay isang network ng mga tagapagtaguyod ng wika na binubuo ng American Civil Liberties Union of Northern California, Asian Law Caucus, Asian Pacific Islander Legal Outreach, Asian Pacific Islander Youth and Advocacy Network, Bay Area Immigrant Rights Coalition, Chinese for Affirmative Action, Community Youth Center, Immigrant Legal Resource Center, La Raza Centro Legal, Lawyers' Committee for Civil Rights, Mujeres Unidas y Activas, Legal Services for Children, Office of Citizen Complaints, People Organizing to Demand Environmental & Economic Rights, Safety Network Program, San Francisco Department on the Status of Women, San Francisco District Attorney's Office, San Francisco Immigrant Rights Commission, San Francisco Public Defender's Office, San Francisco Youth Commission, Sunset Neighborhood Beacon Center, at ang Youth Law Center.

MGA KATANUNGAN/KOMENTO/IKINABABAHALA

Access sa Wika na Liaison Officer ng SFPD
Hall of Justice
850 Bryant Street, Rm. 500
San Francisco, CA 94103
Tel: (415) 533-9161
o
Office of Citizen Complaints
25 Van Ness Ave., 7th Floor
San Francisco, CA 94102
Tel: (415) 241-7711

**GABAY SA MGA
SERBISYONG
TULONG SA WIKA**



**ANG SAN FRANCISCO
POLICE DEPARTMENT AY
NAGBIBIGAY NG LIBRENG
SERBISYO SA WIKA**

Ang tulong para sa wika para sa mga indibidwal na limitado ang husay sa Ingles (LEP) ay isang libreng serbisyo na bahagi ng gawain sa pagpupulis at pagpapatupad para sa komunidad ng SFPD at ng Department General Order 5.20.

ANG LAYUNIN NG SFPD AY
MAKAPAGBIGAY NG NASA
TAMANG ORAS AT WASTONG
KOMUNIKASYON

PAANO AKO
MAKAKATANGGAP NG MGA
SERBISYO SA WIKA?

Kung nakakapagsalita ka ng konting Ingles:

1. Subukang sabihin sa pulis na kailangan mo ng tigasalin para sa iyong wika. Sabihin mo, "I would like an interpreter, and I speak [language or dialect]."
2. Maaaring ipaturo sa iyo ng pulis ang wika sinasalita mo gamit ang Language Identification Card na may listahan ng maraming iba't-ibang wika.
3. Hanapin ang wikang iyong sinasalita sa card at ituro ito sa pulis.
4. Tatawag ang pulis ng kwalipikadong bilingual na opisyal o tigasalin ng wika sa telepono upang tumulong.

Kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles:

1. Ipagakita sa iyo ng pulis ang Language Identification Card.
2. Hanapin ang wikang iyong sinasalita sa card at ituro ito sa pulis.
3. Tatawag ang pulis ng kwalipikadong bilingual na opisyal o tigasalin ng wika sa telepono upang tumulong.

PAANO KUNG HINDI
KARANIWAN ANG SINASALITA
KONG WIKA?

Ang SFPD ay may access sa mga tigasalin ng wika sa telepono na nagsasalita ng iba't-ibang mga magkaka-ibang wika, kasama na rito ang Tagalog, Vietnamese, Hindu, Koreano, Hapon, Aleman, Pranses, Italyano, at marami pang iba!

ANG SFPD AY MAGBIBIGAY NG
SERBISYO PARA SA WIKA
KAPAG KUMAU SAP KA NG
PULIS OPISYAL

MAAARI BANG MAGSALIN PARA
SA AKIN ANG AKING ANAK,
KAMAG-ANAK O TAO SA PALIGID?

- o Ang mga opisyal ng SFPD ay hindi gagamit ng mga bata, kapamilya o mga tao sa paligid maliban kung may emerhensiya. Kasama sa emerhensiya ang panganib sa buhay, kaligtasan o ari-arian.
- o Sa oras na matapos ang emerhensiya, ang opisyal ng SFPD ay babalik sa paggamit ng aprubadong tigasalin ng wika at gagamitin ang tigasalin ng wikang iyon upang siguruhin ang pagka-wasto ng naunang pagsasalin.
- o Ang iyong anak, kamag-anak o tao sa paligid ay maaaring hindi alam ang waston bokabularyo sa pagsasalin ng wika para sa iyo.

ANONG KLASE NG
SERBISYONG PANG WIKA ANG
IBINIBIGAY NG SFPD?

- o Kwalipikadong bilingual na mga opisyal na nagsasalita ng Espanyol, Cantonese, Mandarin, at Ruso.
- o Access sa mga tigasalin sa pamamagitan ng sistema para sa tigasalin sa telepono para sa lahat ng ibang wika (katulad ng Tagalog, Vietnamese, Hindu, atbp.) o kung walang kwalipikadong bilingual na pulis ang makukuha.
- o Ang iyong mga karapatan ("Miranda Rights") ay babasahin sa iyo sa iyong pangunahing wika ng isang kwalipikadong pulis o tigasalin sa telepono.
- o Ang mga pakikipag-usap sa pulis ay gagawin sa iyong pangunahing wika ng kwalipikadong bilingual na pulis opsiyal o tigasalin ng wika sa telepono.
- o Ang mga nakasulat na pormularyo ay ibibigay sa iyo o babasahin sa iyo sa iyong pangunahing wika ng isang kwalipikadong pulis o tigasalin sa telepono.

ANG PAGTULONG SA WIKA NG SFPD AY
NAPAKAHALAGA LALO NA KUNG IKAW AY:

1. Kinakausap ng mga opisyal.
2. Binabasahan ng iyong mga Karapatang Miranda.
3. Binigyan ng mga pormularyong susulatan.
4. Pormal na tinatanong.